Ang Reperendum para sa Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander

Ang mga Australyano ay nanggaling sa maraming bansa, iba-iba ang pananampalataya at nagsasalita ng maraming wika. Ang Mga Taong Aborihinal at Torres Strait Islander ang Mga Unang Tao ng Australya at nakapanirahan na rito nang mahigit sa 65,000 taon. Ngunit hindi kinikilala ng Konstitusyon ng Australya ang kanilang bukud-tanging katayuan. Ito ang dahilan kung bakit sa huling bahagi ng taong ito, maaari nating pag-isipan ang pagbabago sa ating Konstitusyon sa pamamagitan ng isang Reperendum. Lahat ng mga Australyano ay magkakaroon ng pagkakataong kilalanin ang mga Aborihinal at Torres Strait Islander sa ating Konstitusyon, sa pamamagitan ng isang Tinig na titiyak na sila ay pakikinggan tungkol sa mga isyu na umaapekto sa kanila.

Ano ang Pahayag ng Uluru mula sa Puso (Uluru Statement from the Heart)?

Noong Mayo 2017, mahigit 250 taong Aborihinal at Torres Strait Islander ang naglabas ng Pahayag ng Uluru mula sa Puso. Hinihilingan tayo nito na lumikha ng mas mabuting kinabukasan para sa lahat sa Australya at isali ang Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander sa Konstitusyon ng Australya.

Ano ang Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander?

Ang Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander ay isang paraan para sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander na payuhan ang Gobyerno tungkol sa mga batas at patakarang umaapekto sa kanila.

Ano ang isang Reperendum?

Ang Reperendum ay kapag ang mga botante ay hihilingang sumagot ng Oo o Hindi sa isang tanong o mga tanong. Ang tanging paraan para mabago ang Konstitusyon ng Australya ay sa pamamagitan ng isang Reperendum.

Sino ang makakaboto sa isang Reperendum?

Ang mga taong naka-enrol upang bumoto lamang ang makalalahok sa isang Reperendum. Ang pagboto sa mga Reperendum ay sapilitan para sa mga naka-enrol na botante.

Paano ako boboto sa Reperendum?

Ang mga reperendum ay katulad ng mga eleksyon. Sa araw ng botohan, maaari kang pumunta sa isang lugar ng botohan at bumoto gamit ang isang balota.

Paano pinagpapasyahan ang isang Reperendum?

Para maging matagumpay ang isang Reperendum, kailangang magkaroon ito ng dobleng mayorya. Ibig sabihin, may mayorya ng mga boto na hindi bababa sa apat na estado at sa buong Australya.

Kailan gaganapin ang Reperendum para sa Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander?

Ang Reperendum para sa Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander ay gaganapin sa huling bahagi ng taong ito.

Ano ang itatanong sa Reperendum para sa Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander?

“Isang Panukalang Batas: upang baguhin ang Konstitusyon upang kilalanin ang Mga Unang Tao ng Australya sa pamamagitan ng pagtatatag ng Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander. Sang-ayon ka ba sa panukalang pagbabagong ito?”

Sino ang gumawa ng impormasyong ito?

Ang impormasyong ito ay ginawa ng magkasamang pagsisikap ng Life Without Barriers, Reconciliation Australia, SNAICC – National Voice for our children, Yes Alliance at ng Polaron Language Services. Ang pakikipagtuwang na ito ay binuo upang tumulong lumikha ng impormasyong madaling makuha tungkol sa Tinig ng Aborihinal at Torres Strait Islander.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

The National Indigenous Australians Agency www.niaa.gov.au
SNAICC National Voice for our Children www.snaicc.org.au
Reconciliation Australia www.reconciliation.org.au
First Peoples Disability Network www.fpdn.org.au
Life Without Barriers www.lwb.org.au
Yes 23 www.yes23.com.au
Polaron www.polaron.com.au
Have Your Say www.haveyoursay.net